**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 7, 71-81




# Ang impact ng 4Ps' micro skills literasi ng mga magulang: Isang Home-Based Alternative Education serbisyong komunidad

Dela Torre, Natividad
*Cebu Normal University, Philippines (delatorren@cnu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 31 January 2026 **Revised**: 20 February 2026 **Accepted**: 5 March 2026
**Available Online**: 9 March 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26821
OPEN ACCESS


## *Abstract*

Parents are the child's first teachers who mould the child's character since a child's education starts at home. This mixed-method study design aims to describe the impact of the vital role of education on children's development from the 2 projects, "Nanay-Tatay: An Alternative Home-Based Instruction and the "Nanay-Tatay: Ang Unang Magtutudlo" as an extension program in Barangay Nangka, Balamban, Cebu, Philippines, that is designed to help parents who lack education in teaching micro-skills using home-based instruction. It employed a questionnaire, unstructured interviews, and focus group discussions in gathering data. Consequently, this study employed the logic model of monitoring and evaluation (M&E) framework to generate the theory of change in empowering parents' first-hand education, home-based instruction as the first teacher to their children. Quantitative results showed that participants had gained significant experiences with the various activities offered by extensionists and project implementers. On the other hand, the significant responses of the participants were analyzed through thematic analysis, and the five (5) themes emerged in the study: sense of gratitude, increase of learning, application and transference of learning, change of behavior, and importance of communication. Consequently, a theory of change was generated in this study. As a result, the extension program had helped the parents empower themselves as the first teacher to their children, which helped boost their children's academic performance. It is recommended that the same logic model of monitoring and evaluation framework is recommended to be used in various less developed communities, especially in communities with parents who lack education.


***Keywords:*** home-based instruction, community extension program, parental involvement, impact study, Philippines

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Ang impact ng 4Ps' micro skills literasi ng mga magulang: Isang Home-Based Alternative Education serbisyong komunidad

## 1. Abstrak

Ang mga magulang ang unang guro ng mga anak na humubog sa kanilang pagkatao dahil sa tahanan nagsimula ang pagkatuto. Sa disenyong mixed-method, inilarawan ang kabuluhang epekto ng edukasyon ng mga magulang sa mga anak mula sa proyektong "Nanay-Tatay: Alternative Home-Based Instruction " at "Nanay-Tatay: Ang Unang Magtutudlo", proyekto para sa Barangay Nangka, Balamban, Cebu, Philippines. Tinuruan ang mga magulang na kapos sa kakayahang magturo sa makrong kasanayan: pagsalita, pakikinig, pagbasa at pagsulat sa mga anak gamit ang alternative home-based instruction. Kinalap ang mga datos gamit ang talatanungan, unstructured interviews, at focus group discussion. Ginamit din ang logic model of monitoring and evaluation (M&E) sa pagbuo ng theory of change at masuri ang kapangyarihan at kakayahan ng mga magulang bilang unang guro ng pagtuturo sa tahanan at natuklasan na nagkaroon ng makabuluhang karanasan ng pagkatuto ang mga magulang mula sa programa ng proyekto. Lumitaw sa tematikong pagsusuri ang limang tema: pasasalamat, pagdami ng natutunan, aplikasyon at paglipat ng pagkatuto, pagbabago ng pag-uugali, at kahalagahan ng komunikasyon. Bunga nito, nabuo ang isang theory of change. Natuklasan ng pag-aaral na ang proyekto ay isang hakbangin na mabigyan ng kapangyarihan ang sariling kakayahan ng mga magulang sa pagiging unang guro sa pagpapaunlad ng akademikong performans ng kanilang mga anak. Inirerekomenda ang paggamit ng parehong framework sa iba pang hindi gaanong maunlad na komunidad, lalo na kung kulang sa edukasyon ang mga magulang.

***Susing-salita***: home-based instruction; community extension program; pakikilahok ng magulang; Impact ng pag-aaral; Pilipinas

## 2. Introduksyon

Ang pakikilahok at pagsuporta ng mga magulang sa pormal na edukasyon ng kanilang mga anak ay may mahalagang papel sa paglaki at pag-unlad ng bata. Ayon kina Henderson, Mamburger at Dooms (1986), ang pakikilahok ng mga magulang ay sumasaklaw sa iba't ibang gawain na higit pa sa mga tradisyonal na gawain sa paaralan. Ipinahayag naman ni Georgiou (2007) na mas magaling sa akademiko at may mas positibong pananaw sa pag-aaral ang mga mag-aaral kapag ang kanilang mga magulang ay may kaalaman, paggabay at aktibo ring nakikilahok. Ang phase 1 na treyning ng proyektong "Nanay-Tatay: An Alternative Home-Based Instruction" ay nakatutulong nang malaki sa paghahanda ng mga magulang sa pagtuturo sa kanilang mga anak sa bahay sa pamamagitan ng mga natutunan nilang mga makrong kasanayan. Batay sa pagsusuri, ipinahayag ng mga magulang ang kanilang positibong pananaw sa kahalagahan ng edukasyon para sa kanilang sarili at sa kanilang mga anak. Ang mga makrong kasanayan – pagsalita, pakikinig, pagbasa at pagsulat ay ginamit nila sa pagtuturo at paggabay sa mga anak sa pag-aaral sa bahay. Ang mga kasanayang ito ay isinama sa mga teknik at estratehiya ng phase 2 ng treyning na "Nanay-Tatay: Ang Unang Magtutudlo" (Guro), na siyang pangunahing pokus ng proyekto. Ito rin ang mga batayang kasanayan na itinuturo sa pormal na paaralan para sa mga mag-aaral sa elementarya. Dahil dito, nagiging mas positibo ang pananaw ng mga magulang sa kahalagahan ng edukasyon at nagnanais silang ipagpatuloy ang nasabing proyekto.

Ang edukasyon ay dapat magsimula sa tahanan. Ang mga magulang ang unang magtatag nito upang hindi mahirapan ang bata na makibagay at umangkop sa iba't ibang kultura sa paaralan. Tungkulin ng mga magulang na tulungan ang kanilang mga anak sa paggawa ng takdang-aralin at turuan sila ng mga batayang kasanayan ayon sa antas at baitang. Batid na ang mga magulang ang unang guro ng kanilang mga anak at sila rin ang may pinakamaraming oras tuwing araw ng mga Linggo upang maibahagi ang kanilang kaalaman. Ayon kay Henderson (1981), ang ganitong gawain ay nagbibigay ng matibay na patunay sa positibong epekto ng

pakikilahok ng mga magulang sa edukasyon ng kanilang mga anak. Sa ganitong paraan, mahuhubog ang mabuting gawi sa pag-aaral ng mga bata at matututo sila nang mas maaga sa mga susunod na aralin. May mahalagang papel ang mga magulang sa pag-unlad ng edukasyon ng kanilang mga anak sapagkat sila ang responsible sa kabuuang pisikal at intelektuwal na paglago ng mga ito hanggang sa maging ganap silang handa at malaya sa pagharap sa hamon ng lipunan. Batid ng mga magulang ang kanilang mga tungkulin s paghubog ng mga anak ngunit kailangan din nilang magkaroon ng kaalamang akademiko hinggil sa karapatan ng mga bata sa edukasyon (Tatjana, 2006). Binigyang-diin ng mga guro, sikolohista, at mananaliksik na ang kabuuang pag-unlad ng bata ay nakasentro sa paghubog ng kanilang personalidad na malaki ang impluwensiya ng mga magulang. Kapag ang mga magulang ay aktibong nakikilahok sa paglalakbay pang-edukasyon ng kanilang mga anak, magiging maganda at positibo ang mga resulta (Ceka et al., 2016). Dapat tulungan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa paggawa ng takdang-aralin bilang pagpapakita ng suporta na mahalaga sa katagumpayan ng kanilang pag-aaral (Matilov, 2002).

Ayon kay Colanoig (1972), kung positibong naapektuhan ng mga magulang ang pang-araw-araw na buhay at ang pormal na edukasyon ng mga anak, magiging mas maganda at masagana ang kanilang kinabukasan. Sumasang-ayon din si Kasapi (2013) na ang mga magulang ang pangunahing huwaran at impluwensiya ng mga anak dahil patuloy silang naiimpluwensyahan ng paniniwala at asal ng kanilang mga magulang (Ceka et al., 2016). Karamihan sa mga magulang sa Sitio Riverside, Barangay Nangka, Cebu ay humarap sa malaking hamon sa pagtatag ng edukasyon para sa kanilang mga anak dahil hindi nila naranasan ang kultura ng mabuting gawi sa pag-aaral. Marami sa kanila ang handang tumulong sa pag-aaral ng kanilang mga anak subalit nagiging limitado ang kanilang kakayahan dahil sa kakulangan ng kaalaman. Hindi rin nila magabayan ang kanilang mga anak sa paggawa ng mga takdang-aralin at pag-aaral nang mas maaga sa mga aralin nito. Ayon pa kay Matilov (2002), ang antas ng edukasyon ng mga bata ay nakadepende rin sa antas ng edukasyon ng kanilang mga magulang. Kaya malaki ang impluwensya nito sa ugnayang pampamilya at sa tagumpay ng pag-unlad ng mga bata. Ang ganitong mga suliranin ay naranasan ng mga magulang sa Sitio Riverside, Barangay Nangka, Cebu na karamihan sa kanila ay nagtapos lamang sa elementarya at may mga anak na nasa Baitang 3-6 ng Nangka Elementary School ng banggit na lugar. Kaugnay nito, nilayon ng pag-aaral na gawin ang pagsasanay para sa tatlumpong (30) magulang na nagtapos lamang ng elementarya upang matulungan silang mapaunlad ang kanilang kakayahan at makibahagi sa edukasyon ng kanilang mga anak.

***Layunin ng Pananaliksik*** - Ilarawan ang mga kinalabasan ng proyekto na may dalawang yugto, ito ay ang: "Nanay-Tatay: An Alternative Home-Based Instruction" na ang tuon ay pagsasanay sa 4 na makrong kasanayan: pagsalita, pakikinig, pagbasa at pagsulat; at ang "Nanay-Tatay: Ang Unang Magtutudlo" na ang tuon ay nasa estratehiya at teknik sa pagtuturo ng 4 na makrong kasanayan bilang isang extension program sa Barangay Nangka, Balamban, Cebu, Philippines na idinisenyo upang tulungan ang mga magulang na kulang sa edukasyon sa pagtuturo ng mga kasanayang pangwika at estratehiya sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng home-based instruction.

## 3. Metodolohiya

Gumamit ng disenyong mixed method kung saan ang descriptive survey research ang ginamit para sa kwantitatibo at phenomenological approach naman para sa kwalitatibo. Isinagawa ang pag-aaral sa Barangay Nangka, Balamban, Cebu, Philippines dahil isa ito sa mga adopted community ng Cebu Normal University, Cebu City, Philippines. Gumamit din ng purposive sampling ang pag-aaral. Ang parehong 30 kalahok ng mga proyekto ang sumagot sa sarbey at pito (7) naman ang nakapanayam sa pamamagittan ng random one-on-one interview at focus group discussion.

Samakatuwid, gumamit din ang pag-aaral ng logical model ng monitoring at evaluation (M &E) framework upang mabuo at mailarawan ang theory of change sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga magulang sa unang hakbang ng edukasyon sa home-based instruction bilang unang guro ng kanilang mga anak. Ayon kina Cadosales et al. (2020), ang logical model ay nagpahintulot ng mas detalyadong pagpapaliwanag lalo na kung paano

naipapatupad ang isang proyekto. Nagsimula ito sa isang layunin at bumalik patungo sa mga kinailangang input. Sinadya nito isama ang mga palagay na nagpakita kung paano maaaring maipatupad at mapanatili ang isang proyekto. Ang resulta ng mga inasahang layunin mula sa mga gawain ay humantong sa pagbuo ng theory of change. Ayon kina Boholano et al. (2020), ang theory of change ay tumutukoy sa teorya kung paano makakamit ang nais na kinalabasan at epekto ng mga layunin sa pamamagitan ng sunud-sunod na pinaplanong gawain.

Isang sarbey na talatanungan naman ang ginamit ng pag-aaral upang matukoy ang mga naunang kasanayan ng mga magulang na kinakailangang masuri. Pagkatapos, isinagawa ang pagsasanay para sa tatlong (3) modyul na naglalaman ng mga responsibilidad ng mga magulang sa edukasyon ng kanilang mga anak, pagturo ng mga pangunahing kasanayang pangwika at post-program na pagsukat sa pagganap nila sa kanilang mga anak at ang talatanungan ay kanilang tinugunan. Ang mga indikeytor sa ginawang talatanungan ng mananaliksik ay binuo batay sa kakayahan ng mga magulang sa paggamit mula sa natutuhang konteksto tungo sa panibagong kontekto at ang kakayahan nilang makita ang kahalagahan ng paggamit ng natutunan sa isang sitwasyon tungo sa iba pa. Ang lahat ng mga tugon ng mga magulang ay itinala at sinuri nang deskriptibo at ginamit ang percentile upang mailarawan ang mga karanasan ng mga kalahok.

Isinagawa ang focus group discussions (FGD) at unstructured in-depth interviews upang suportahan ang kanilang mga sagot sa talatanungan. Sinuri ang mga tugon ng kalahok gamit ang pitong (7) hakbang ng tematikong analisis ni Collazzi (1978). Kabilang dito ang pagbasa at muling pagbasa sa mga tala ng unstructured interview at FGD, pagkuha ng mga mahahalagang pahayag, pagbuo ng mga kakulangan, pag-organisa ng mga koleksyon ng kahulugan sa mga pangkat ng tema, pagsamahin ang mga pangkat ng tema sa detalyadong paglalarawan, pagtatag ng pangunahing estruktura ng natukoy na phenomenon at pagbalik sa mga kalahok para sa beripikasyon ng mga natukoy na tema o phenomenon. Ginamit ang logic models upang mabuo ang theory of change para sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga magulang bilang unang guro. Tinutukoy ng modelong ito ang detalyadong daloy ng proyekto simula sa mga input, proseso, awtput, bunga at impak o layunin ng programa.

***Konsiderasyong Etikal -*** Humingi ng *informed consent* mula sa mga kalahok at binigyang-diin ang pagiging kompidensiyal ng kanilang impormasyon. Hindi isiniwalat ang pagkakakilanlan ng mga kalahok sa anumang bahagi ng pag-aaral.

## 4. Mga Natuklasan

Ang mga proyektong “Nanay-Tatay: An Alternative Home-Based Instruction” (Yugto 1) at “ Nanay-Tatay: Ang Unang Magtutudlo” (Yugto 2) ng Cebu Normal University ay naglalayong hikayatin ang mga extensionist na ipagpatuloy at suriin kung paano ipinatupad ng mga magulang ang apat (4) na makrong kasanayan na kanilang natutuhan mula sa pagsasanay. Nilayon din ng mga extensionist na organisahin ang mga kasapi ng komunidad upang magsama-sama at kolektibong makabuo ng mga solusyon sa mga umiiral na suliranin (Lacea et al., 2021). Sinanay ng mga extensionist ang mga magulang gamit ang iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo ng mga kasanayan: estratehiya sa pagsasalita, estratehiya sa pakikinig, estratehiya sa pagbabasa at estratehiya sa pagsusulat. Layunin nitong mapaigting ang kakayahan ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak sa apat na pangunahing makrong kasanayan ng pagkatuto na karaniwang itinuturo sa tradisyunal na paaralan. Higit pa rito, nais nitong iparamdam na ang unang hakbang sa paglinang ng edukasyon ay nagsimula sa tahanan sa pamamagitan ng home-based instruction kung saan ang mga magulang ang magsisilbing “unang magtutudlo” (guro) at kilalanin ang kanilang mahalagang papel sa prosesong ito.

Dumaan ang proyekto sa isang sistematikong proseso upang maumpisahan at matapos ang mga gawain, kasama na ang paglalaan ng mga kinailangang materyales para sa pagsasagawa ng mga pagsasanay. Bawat sesyon ay naglaan ng modyul na ipinamahagi sa mga kalahok bilang gabay sa aralin. Ang bawat modyul ay naglalaman ng iba’t ibang estratehiya, maaaring isahan o pangkatan. Sinubaybayan ng mga extensionist ang pagdalo ng mga kalahok sa bawat sesyon at namahagi ng sertipiko gawad sa pagdalo at pagtapos ng proyekto.

Naglaan ng pondo ang administrasyon ng Cebu Normal University para sa proyekto.

Isang logical model ang binuo upang matukoy ang epekto ng extension project sa komunidad at kasabay nito ay nabuo rin ang isang theory of change. Ang logic model ay may dalawang dimensyon: ang vertical na dimensson ay binuo ng mga input, gawain, awtput, outcome at ang layunin o impact ng proyekto; samantalang ang horizontal na dimensyon ay napaloob ang narrative summary, indikeytor, means of verification at risk o assumptions. Sa pag-aaral na ito, ang mga magulang ay binigyan ng mga regular na gawaing pampapaunlad upang higit silang mabigyang-kapangyarihan sa pagturo ng kanilang mga anak sa mga makrong kasanayan gabay ang logical model framework, gaya ng ipinapakita ng talahanayan sa ibaba.

**Talahanayan 1**

*Ang Logic Model ng Monitoring and Evaluation Framework*

| | Buod ng Naratibo | Indikeytor | Means of Verification | Risk/Assumptions |
|---|---|---|---|---|
| Layunin / Impact | Kapangyarihan ng magulang ang panghawakan ang unang edukasyon ayon sa home-based instruction bilang unang guro ng mga anak | Benipersaryong magulang binigyang kapangyarihan na panghawakan ang first-hand education ng mga bata | Pagtalaga ng mga magulang ng komunidad na ipinagkatiwala ng mga opisyal ng barangay ng LGU | N/A |
| | Pagtatag ng learning center ng Sitio sa tulong ng LGU at Foundations | Pagtatatag ng learning center sa komunidad ng Sitio | Ang aktuwal na Learning Center | N/A |
| Outcomes | malaya, responsable at mapaglinang na mga magulang sa mga anak via home-based instructions | Pag-angat ng reading proficiency at pagtaas ng marka ng scholastic rating ng mga bata | Scholastic rating ng mga bata at anecdotal record ng community discipline na nakadeposito sa opisina ng barangay | Umuunlad ang pagmamarka ng mga bata; naging academic honors |
| Awtput | Natapos ang buong modyul na naglalaman sa 4 na micro-skills na sinanay ang mga magulang tulad ng pagtuturo sa klasrum | Pagtuturo ng magulang sa kanilang mga anak; positibong interes na muling papag-aralin ang mga bata sa paaralan | Muling pagpapa-enrol ng mga bata sa pormal na edukasyon lalo na sa elementaryang paaralan | Lalong nalilinang ang interes ng mga bata sa pagpapatuloy ng pag-aaral |
| Gawain / Aktibiti | Pagsasanay ng mga magulang sa mga teorya, konsepto at estratehiya sa pagtuturo ng 4 na micro-skills na nasa treyning modyul | Buo at kompleto ang attendance ng mga magulang sa bawat nakaiskedyul na treyning na itinakda ng mga extensionist | attendance ng mga magulang sa bawat treyning na nakatakda | Panahon at oras ng mga magulang; pagkansela ng treyning kung maykalamidad |
| Input | Pinansyal at pondo mula sa pamahalaan, foundations at tagapagtaguyod | MOA at budget utilization | Mga aprobadong dokumento | Walang sapat na pondo |

Gamit ang logical model bilang gabay sa pagsusuri ng epekto ng extension project, gumamit ang mananaliksik ng isang 16-aytem na talatanungan na sinagutan ng mga kalahok sa pamamagitan ng sarilinang pagtatasa. Ipinakita sa talahanayan 2 ang deskriptibong resulta mula sa tatlumpong (30) magulang ng Sitio Riverside, Barangay Nangka, Balamban, Cebu na nakatamo ng mga kasanayang kinakailangan upang magturo at magtutok sa kanilang mga anak.

Batay sa obserbasyon ng talahanayan 2, nakamit ng mga kalahok ang mahahalgang karanasan mula sa iba't ibang dulog at gawaing inialok ng mga extensionist at tagapagpatupad ng proyekto, gaya ng ipinakita sa kanilang mga kasagutan sa talatanungan: nauunawaan ang responsibilidad bilang magulang (100%),nabibigyan ng sapat na oras ang kanilang mga anak (100%), natuturuan ang kanilang mga anak kapag nahihirapan sila (100%), nagkakaroon ng malasakit sa mga aralin sa paaralan (100%), nagtuturo sa tuwing may pagsusulit (97%), nakikinig sa mga pangangailangan ng kanilang mga anak sa paaralan (100%), tumutulong sa paggawa ng mga gawaing pampaaralan (97%), may kahandaang makinig sa kanilang mga anak (100%), alam kung paano

nauunawaan ng kanilang mga anak ang kanilang binabasa (100%), may kakayahang tasahin ang pangangailangan ng mga bata (100%), may tiwala sa sarili sa pakikiharap sa iba't ibang uri ng tao (93%), nakakayang magsalita sa harap ng maraming tao (90%), pinasasanay ang kanilang mga anak sa pagbasa (97%), tinuturuan ang kanilang mga anak na matutong sumulat (100%), tumutulong sa kanilang mga anak sa pagsulat (97%) at nakikitaan ng pagbuti ng marka sa paaralan (100%).

**Talahanayan 2**

*Deskriptibong Resulta ng Pagkatuto ng mga Magulang*

| Mga Natutuhan | Mayroon | % | Wala | % |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nauunawaan ang responsibilidad bilang magulang | 30 | 100% | 0 | 0 |
| 2. Nabibigyan ng sapat na oras ang kanilang mga anak | 30 | 100% | 0 | 0 |
| 3. Natuturuan ang kanilang mga anak kapag nahihirapan sila | 30 | 100% | 0 | 0 |
| 4. Nagkakaroon ng malasakit sa mga aralin sa paaralan | 30 | 100% | 0 | 0 |
| 5. Nagtuturo sa tuwing may pagsusulit | 29 | 97% | 1 | 3% |
| 6. Nakikinig sa mga pangangailangan ng mga anak sa paaralan | 30 | 100% | 0 | 0 |
| 7. Tumutulong sa paggawa ng mga gawaing pampaaralan | 29 | 97% | 1 | 3% |
| 8. May kahandaang makinig sa kanilang mga anak | 30 | 100% | 0 | 0 |
| 9. Alam kung paano nauunawaan ng mga anak ang binabasa | 30 | 100% | 0 | 0 |
| 10. May kakayahang tasahin ang pangangailangan ng mga bata | 30 | 100% | 0 | 0 |
| 11. May tiwala sa sarili sa pagharap sa iba't ibang uri ng tao | 28 | 93% | 2 | 7% |
| 12. Nakakayang magsalita sa harap ng maraming tao | 27 | 90% | 3 | 10% |
| 13. Pinasasanay ang kanilang mga anak sa pagbasa | 29 | 97% | 1 | 3% |
| 14. Tinuturuan ang kanilang mga anak na matutong sumulat | 30 | 100% | 0 | 0 |
| 15. Tumutulong sa kanilang mga anak sa pagsulat | 29 | 97% | 1 | 3% |
| 16. Nakikitaan ng pagbuti ng marka sa paaralan | 30 | 100% | 0 | 0 |

Nagkaroon ng mas mataas na kumpiyansa sa sarili ang mga magulang sa pagtasa sa kakayahan ng kanilang mga anak na magbasa ng mga kwento at gumawa ng mga takdang-aralin. Natutuhan din ng mga magulang na maglaan ng oras na pakinggan ang kanilang mga anak hinggil sa kanilang mga karanasan sa paaralan. Ayon kay Hendrikse (2000), ang kumpiyansa sa sarili ng mga magulang ay makabuluhang tumaas kapag sila ay sumailalim sa pagsasanay. Dagdag pa nito, ang epekto ng naturang pagsasanay sa kinalabasan sa pagkatuto ng mga bata ay higit na mas mainam kung ihambing sa hindi gabay na pagtuturo ng magulang at mas epektibo lalo na kung may remedial instruction sa tahanan (Hendrikse, 2000). Ang kaisipang ito ay umaayon sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat ipinakita ng mga natuklasan, nagiging handa at nagkaroon ng kakayahan ang mga magulang na matutuhan at malilinang ang mahalagang kasanayan na kailangan nila upang maturuan nila ang kanilang mga anak sa bahay.

Dahil lubhang masigasig ang mga magulang na matutuhan ang mga batayang kasanayan tulad ng pagsalita, pakikinig, pagbasa at pagsulat ay itinuring nilang epektibo ang isinagawang pagsasanay. Pagkatapos ng pagsasanay, pangunahing tugon ng mga magulang ang pagpapahalaga sa lahat ng kanilang natutuhan. Bagama't may positibong epekto ang pagturo ng magulang sa pagbasa sa kanilang mga anak, tinukoy ni Macleod (1995) na kulang ang mga resulta sa eksperimental na katatagan upang makatiis sa kritikal na pagsusuri. Samantala, binanggit nina Topping at Wolfendale (1995) na wala pang sapat na pupong kaalaman na nagpaliwanag kung bakit epektibo ang pagtuturo ng magulang sa ilang pag-aaral at kung bakit hindi ito naging epektibo sa iba. Samakatuwid, malinaw na sinusugan ng resulta ng pag-aaral ang pangangailangang sanayin ang mga magulang sa mga batayang kasanayan sa pagtuturo sa kanilang mga anak.

Upang suportahan ang mga kwantitatibong deskriptibong resulta ng talatanungan, isinagawa ang panayam sa mga magulang sa pamamagitan ng random one-on-one interview at focus group discussion na kinabibilangan ng mga benepisyaryo ng proyekto, mga tagapagpatupad ng proyekto at kinatawan mula sa local na pamahalaan. Sinuri ang mga mahahalagang tugon ng mga kalahok gamit ang thematic analysis at lumitaw ang mga sumusunod na tema ng pag-aaral: (1) damdamin ng pasasalamat, (2) pagtaas ng kaalaman, (3) paglapat at paglipat ng natutuhan, (4) pagbago ng pag-uugali at (5) kahalagahan ng komunikasyon. Bunsod nito, nabuo ang isang theory of change ng pag-aaral.

*Tema 1. Damdamin ng Pasasalamat*

Naging daan ng pasasalamat ang pagkakaroon ng positibong emosyon kapag may tinatanggap na kabutihang-loob mula sa ibang tao na nakapagbibigay ng benipisyon sa sarili (Algoe et al., 2026). Paalala rin ito na bilang mga nilalang sa lipunan, kinikilala natin ang kabutihang naibabahagi sa iba ang atin (Fox et al., 2015). Kadalasan itong naipapahayag kapag nakatanggap ng hindi inaasahang kabutihan na maaaring humantong sa pagkakaroon ng matatag at mabuting ugnayan sa kapwa (Foster et al., 2017). Ang damdamin ng pasasalamat ay napuna sa pahayag ni R1, na nagsabing, "*daku kaayu mig pasalamat sa mga maestro nga gihatagan intawn nila ug dugang kaalam isip usa ka ginikanan*," kung saan ipinahayag ng mga magulang ang kanilang pasasalamat s mga gurong extensionist sa pagbigay nila ng dagdag na kaalaman bilang mga magulang sa kanilang mga anak. Naniniwala ang mga magulang na ang kanilang natutuhan sa pagsasanay—kaugnay sa pagsalita, pakikinig, pagbasa at pagsulat ay may malaking ambag sa kanilang kakayahan na hamunin ang kanilang sarili na mailapat at maituro ang mga kasanayang ito na may kasamang pagpapalalim ng pagpapahalaga sa kanilang mga anak. Ang mga magulang ang inaasahang unang tagapaghatid ng edukasyon sa tahanan ng kanilang pamilya lalo na sa pagtuturo ng kahalagahan ng apat (4) na pangunahing makrong kasanayan sa kanilang mga anak. Gayunpaman, ang pagturo na sinasabayan ng pagpapalalim sa mga pagpapahalaga –tulad ng damdamin ng pasasalamat—gamit ang mga kasanayang ito ay may mahahalagang panlipunang epekto. Ayon sa broaden-and-built theory ni Fredrickson (2004), ang pasasalamat ay lumilikha ng mas malawak na ugnayan at lalong mahusay na suportang panlipunan. Dahil dito, dapat magpakita ang mga magulang ng mabubuting halimbawa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga bagay na kanilang ipinagpapasalamat sapagkat ipinakita nito sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng patuloy na pagsasabuhay ng naturang pagpapahalaga (Ackerman, 2021).

*Tema 2. Pagtaas ng Antas ng Pagkatuto*

Ang teoryang kognitibo ay nakatuon sa konseptuwalisasyon ng proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Naniniwala ang mga tagapagtaguyod nito na ang pagkatuto ay hindi lamang nasusukat sa kung ano ang ginagawa ng mga mag-aaral kundi sa kung ano ang kanilang nalalaman at kung paano nito ito natamo (Inocian, 2007). Isa itong proseso kung saan ang isang indibidwal ay nagkamit ng iba't ibang gawi, kaalaman at salooobin na mahalaga upang matugunan ang mga pangangailangan ng buhay (Boaz, 1984). Ito ay malinaw na naipakita sa pahayag ni R2 na, "*kay mas napun-an pa ang among nakat-onan isip usa ka ginikanan sa among mga anak,"* na nagpahiwatig na nadagdagan ang kaalaman ng mga magulang sa kanilang papel bilang gabay sa kanilang mga anak. Sa kanilang pagkatuto patungkol sa kahalagahan ng mga kasanayang kailangan ng isang tao,ipinahayag ng mga magulang na sa kanilang pang-araw-araw na buhay sa komunidad ay naisaalang-alang nila ito sa kanilang pamilya. Inilahad nilang bago nakamit ang ganoong kaalaman, madalas hindi sila pinakikinggan ng kanilang mga anak, walang interes ang mga bata na mag-aral at may mga pagkakataong naging bastos pa ang mga ito. Maging ang mga magulang ay hindi rin nagkaroon ng sapat na oras sa kanilang mga anak dahil kailangan nilang maghanapbuhay upang may makain araw-araw.

Gayunpaman, ang epekto ng mga kaalamang natamo nila ay unti-unting nagdulot ng positibong pagbabago at ito ay malinaw na napansin ng mga magulang sa kanilang pamilya. Ayon sa kanila, nagkaroon na ng pagiging bukas sa komunikasyon sa loob ng bahay gamit ang mga kasanayan sa pagsasalita; marunong nang makinig ang bawat isa lalo na pagdating sa pakiusap o utos ng ina at natutuhan na rin ng mga bata ang wastong gawi sa pag-aaral sa bahay—naglalaan na sila ng oras para sa kanilang mga aralin. Higit sa lahat, naranasan na nila ang pagmamahal at paggalang sa loob ng kanilang tahanan. Wala na ang dating *tong-its* sa kapitbahay; wala na ang mga away ng magulang dahil sa pag-iinom at nabawasan na rin ang mga tsismisang ginagawa noon sa lilim ng punong mangga bilang pampalipas ng oras. Buong tuwa at pagmamalaki ring ibinahagi ng mga magulang sa mga gurong extensionist na ang ilan sa kanilang mga anak ay nagsimula nang mag-excel sa paaralan, naging lider at opisyal na sa kanilang klase, hindi na rin pasanin ng guro sa disiplina at mas umaangat na ang kanilang marka at performans sa akademiko.

Habang tumataas ang antas ng pagkatuto ng mga magulang mula sa mga itinuro ng mga guro—mga

mahahalagang kasanayang sinamahan ng pagpapahalaga—nakaranas sila ng kabutihan at positibong pagbabago sa pagpapalaki ng kanilang mga anak. Pinatunayan nito na tunay nga na ang mga magulang ang unang guro ng kanilang mga anak sa tahanan na nagbigay ng di-pormal na edukasyon gamit ang apat (4) na pangunahing kasanayan na dapat malilinang din ng magkakapatid. Ayon kay Hamit (2002), nananatiling pangunahing tagapagturo ang mga magulang kahit na ang kanilang mga anak ay pumapasok na sa pormal na edukasyon---sa paaralan. Hindi humihinto ang mahahalagang impluwensiya nila kahit magtuloy-tuloy ang pag-aaral ng mga bata hanggang makatapos at magiging mga propesyonal (Ceka et al., 2016). Hindi makakailang ang pamilya ang pangunahing yunit ng lipunan. Dahil dito, ang papel ng magulang ay malawak, puno ng hamon at may malaking responsibilidad sa paghubog sa kanilang mga anak upang magiging mabubuting mamamayan ng bansa.

*Tema 3. Paglapat at Paglipat ng Pagkatuto*

Ang paglipat ng pagkatuto ay tumutukoy sa paggamit ng kaalaman at kasanayan upang matutuhan ang iba pang impormasyon, konsepto, kasanayan at saloobin sa mga bagong sitwasyon. Kabilang dito ang mga kaalaman at kasanayang natatamo mula sa karanasan (Rahim, 2013). Ang paglipat at paglapat ng pagkatuto ay malinaw na napuna sa pahayag ni R1 na, *"gihatagan intawn mi nila ug dugang kaalam isip usa ka ginikanan ug unsa pay angay namong ikahatag namo nga pagtulun-an sa among mga anak"*, na nangangahulugang ang mga magulang ay nakakuha ng dagdag na karunungan na maaari nilang ipasa at magamit upang mapakinabangan ng kanilang mga anak. Inilahad ng mga magulang na natulungan na nila ang kanilang mga anak sa pagbasa at pagsulat na nagdulot ng pagtaas ng marka ng mga bata sa paaralan. Higit pa rito, mas naging gumana at nagkaroon ng interes ang mga magulang kapag nakikita nila ang kabuluhan ng kanilang natutunan lalo na nagamit nila ito sa pagtulong sa kanilang mga anak. Nakasalalay din ito sa kakayahan ng mga magulang na maunawaan ang kahulugan ng isang konsepto o kaalaman sa isang sitwasyon at mailapat ito sa iba pang pagkakataon at kondisyon.

*Tema 4. Pagbabago ng Asal*

Ang pagbabago ng asal ay patunay sa patuloy na gawain na ang layunin ay gawing isang simpleng proseso ang isang gawain hanggang maging bahagi ito ng *routine* o nakagawian sa paglipas ng panahon (Rodda et al., 2018). Ang mga mabubuting asal na ito ay maaaring makaapekto sa personal at pampamilyang responsibilidad ng isang indibidwal lalo na kung ito ay isinagawa ng karaniwan at tuloy-tuloy na lampas sa mga interbensyong ibinigay upang maging mananatili sa kanilang buhay. Ang prosesong ito ay nakita sa pahayag ni R6, *"ang akong nakat-unan sa Nanay-Tatay kay nakapausab gyud sa akong batasan ug bahin sa akong mga anak, kamao na sila mamati ug unsay ipabuhat"*, nagppahiwatig ito na ang gabay ng proyektong "Nanay-Tatay…"ay nagdulot ng pagbabago sa pag-uugali ng mga magulang at sa kanilang mga anak upang maging mas responsable at tumugon sa mga utos o kahilingan. Upang higit na mapaunlad ang pagbabago ng asal, mahalagang mailipat ang pokus mula sa simpleng pagbibigay ng payo tungo sa mas malalim na pag-unawa at pagpakita kung ano ang tunay na kailangan upang maging isang mabuting magulang lalo na sa mga mahihirap o komplikadong sitwasyon. Napatunayan na ang ganitong uri ng paglalapat ay mas epektibong pamamaraan upang makamit ang positibong pagbabago sa pag-uugali.

*Tema 5. Kahalagahan ng Komunikasyon*

Ang komunikasyon ang nagiging makina ng ugnayang panlipunan at ang kalidad nito ang nagtatakda ng pagkakaroon ng respeto at pagtitiwala sa isa't isa (Runcan et al., 2012). Ang pinakamahalagang ambag ng proyektong "Nanay-Tatay…" sa mga magulang ng Sitio Riverside, Barangay Nangka, Balamban, Cebu ay ang pagkakaroon ng mataas na kalidad ng pagtuturo at instruksyon mula sa mga gurong extensionist ng Cebu Normal University. Epektibong naipakita ng mga guro kung paano hikayatin ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak na manatiling positibo kahit sa gitna ng pagsubok. Ipinamalas din nito ang matibay na ugnayan ng bawat miyembro ng pamilya sa pamamagitan ng pagmamahalan at paggalang bunga ng tiwalang nabuo mula sa masinop at mabisang komunikasyon. Naipakita nito mula sa pahayag ni R7, *"daku kaayung natabang ang proyektong Nanay-Tatay sa mga ginikanan diri sa Riverside, Nangka tungod sa kanindot*

*mopasabot sa mga magtutudlo sa CNU. Ila ming gitudloan unsaon pagpasunod ang among mga anak para matarung ug mga pamaagi unsaon nga makakat-on pagpasunod nga naay pagmahal nga kauban. Ug tungod sa maayung pagtudlo nila kanamo, daku kaayu ug kausaban sa mga ginikanan ug mga anak namo karun kay mosunod na sila. Kamao na sila mosulti nga pahiluna ug hinay ug dili na mauwawon ang mga ginikanan ug mga anak. Maong hinungdan nga daku kaayug naitabang ang Nanay-Tatay sa among lugar".* Ipinahiwatig ng pahayag na ito na ang malinaw at maayos na komunikasyon kahit sa simpleng pag-uusap o pagpapahayag ay may malaking kabuluhan sa pagbuo ng ugnayan, pag-unawa at muling pagbabalik ng paggalang sa isa't isa. Ang kakayahang magpahayag, makikinig at maging sa higit na pag-uunawaan ay kapaki-pakinabang ang komunikasyon para sa mga bata at buong pamilya.

## 5. Teorya ng Pagbabago o Theory of Change

Binigyang-kahulugan nito ang lohikal na modelo ng monitoring and evaluation framework na mula sa sunud-sunod na gawaing nakatuon sa pagpapabuti ng komunidad at pagpapalakas ng kakayahan ng mga magulang. Kabilang sa mga gawaing ito ang 1) pagbigay ng tulong pinansyal sa komunidad, 2) pagsagawa ng pagsasanay para sa mga magulang hinggil sa teorya, konsepto at estratehiya ng apat na batayang kasanayan gamit ang apat na modyul at 3) pagkumpleto sa mga magulang ng mga modyul para sa makrong kasanayan sa pamamagitan ng pagkaroon ng simulation o pagsasanay na kahalintulad din ng aktuwal na pagtuturo sa silid-aralan. Dagdag pa rito, ang pagtatag ng isang learning center sa komunidad sa tulong ng LGU at ang mga charitable foundations ay nagbigay kapangyarihan sa mga magulang, nagpaunlad ng kanilang saloobin, nagpaangat ng marka sa kanilang mga anak sa paaralan at nagpalakas ng interes sa mga bata na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Ang kabuuan ng mga gawaing ito ay nakatulong upang maging masinop, responsable at mapag-aruga ang mga magulang sa kanilang mga anak—na sa huli ay magdudulot ng kabutihan at kaayusan sa kalidad ng edukasyon. Mula rito umusbong ang teoryang "Pagpapalakas sa mga Magulang" bilang pangunahing tagapaghatid ng edukasyon sa tahanan at bilang Unang Guro ng kanilang mga anak". Ang teorya ng pagbabagong ito ay kaayon ng layunin at adhikain ng Sustainable Development Goal (SDG) 2030 para sa dekalidad na edukayon na ang empasis ay nasa kahalagahan ng papel ng pamilya at komunidad sa paghubog ng matagumpay na pagkatuto ng mga kabataan.

## 6. Konklusyon at Rekomendasyon

Ang mga extension project na "Nanay-Tatay: An Alternative Home-Based Instruction" (Yugto 1) at "Nanay-Tatay: Ang Unang Magtutudlo" (Yugto 2) ay nagbigay-kapangyarihan sa mga magulang upang gampanan ang kanilang mahalagang papel bilang unang guro ng kanilang mga anak. Sa pamamagitan ng proyektong ito, napapalakas hindi lamang ang kakayahan ng mga pamilya kundi pati na rin ang ugnayan sa pagitan ng komunidad at ng unibersidad sa pamamagitan ng matatag at pangmatagalang pakikipagtulungan sa LGU. Nalilinang sa mga magulang ang kakayahang magturo sa apat (4) na batayang makrong kasanayan na nag-ambag sa pagpapabuti ng kapaligirang pang-edukasyon upang makamit ang dekalidad na edukasyon ng bansa. Ang aktibong pakikilahok ng mga magulang sa iba't ibang gawain sa paaralan ay nagdulot ng positibong epekto sa pag-unlad ng akademikong pagganap ng kanilang mga anak. Iminumungkahi na gamitin din ang parehong lohikal na modelo ng monitoring and evaluation framework sa iba pang mga komunidad na hindi gaanong maunlad, lalo na sa mga lugar kung saan ang mga magulang ay may kakulangan sa pormal na edukasyon. Sa pamamagitan nito, mas maraming pamilya ang maaaring makinabang sa mga programang nakatuon sa paghubog ng kakayahan ng mga magulang bilang unang guro na tagapagturo sa tahanan.

***Pagkilala* –** Kinilala ng mananaliksik ang kasamahan niyang *extensionist* sa pagtaguyod ng proyektong **Nanay-Tatay: An Alternative Home-Based Instruction at Nanay-Tatay: Ang Unang Magtutudlo** na sina Dr. Elsie T. Alvarado, Dr. Rowena C. Largo, Dr. May Ann Q. Gaihe, Dr. Lita A. Bacalla at Dr. Catrina Catipay at ang opisina ng Extension Services ng Cebu Normal University lalo na kina Propesor Angelito Cabanilla at Dr. Naila Y. Beltran sa paglalaan ng mga datos na kakailanganin ng mananaliksik at nabigyan siya ng pagkakataon na gumawa ng pag-aaral na ito upang matasa ang epekto ng programang inilusad---para sa magulang at sa

komunidad.

## 7. Sanggunian


Ackerman, C. E. (2021). *What is gratitude and why is it so important?* PositivePsychology.com. https://positivepsychology.com/gratitude-appreciation/

Algoe, S. B., Kurtz, L. E., & Hilaire, N. M. (2016). Putting the “you” in “thank you”: Examining other-praising behavior as the active relational ingredient in expressed gratitude. *Social Psychological and Personality Science, 7*(7), 658–666. https://doi.org/10.1177/1948550616651681

Beqja, H. (2002). *Woman, this holy being* [In Albanian] (p. 177). Tirane.

Boaz, G. D. (1984). Meaning of learning in education. *Physics Catalyst*. https://physicscatalyst.com

Cadosales, M. N. Q., Angelito, B. C., Jr., & Beltran, N. Y. (2020). Kakugi Ko, Kalambuan Mo (KKK Mo) as an extension program for daycare workers: An impact study. *Recoletos Multidisciplinary Research Journal, 8*(2), 107–119. https://doi.org/10.32871/rmrj2008.02.08

Ceka, A., & Murati, R. (2016). The role of parents in the education of children. *Journal of Education and Practice, 7*(5), 61–64.

Colanoiq, V. (1972). *The family and the upbringing of the child* [In Macedonian] (p. 61). Skopje.

Emerllahu, D. *Foundations of educational work methodology* [In Albanian] (1998). (p. 147). Prishtine.

Epstein, J. (1992). School and family partnerships. In M. Alkin (Ed.), *Encyclopedia of educational research* (6th ed., pp. 1139–1151). Macmillan.

Forster, D. E., Pedersen, E. J., Smith, A., McCullough, M. E., & Lieberman, D. (2017). Benefit valuation predicts gratitude. *Evolution and Human Behavior, 38*(1), 18–26. https://doi.org/10.1016/j.evolhumbehav.2016.06.003

Fredrickson, B. L. (2004). The broaden-and-build theory of positive emotions. *Philosophical Transactions of the Royal Society B: Biological Sciences, 359*(1449), 1367–1377. https://doi.org/10.1098/rstb.2004.1512

Georgiou, S. N. (2007). Parental involvement: Beyond demographics. *International Journal About Parents in Education, 1*(0), 59–62.

Henderson, R. (1981). Home environment and intellectual performance. In R. Henderson (Ed.), *Parent–child interactions: Theory, research and prospects*. Academic Press.

Hendrikse, J. (2000). *Parents as tutors of their own children: Effect of a training program on children’s achievement and confidence of parents*. National Library of California.

Inocian, R. B. (2007). *Fundamentals of teaching: Basic text in principle of Teaching I*. R2L2 Bookpage Publishing Center.

Kasapi, G. (2013). *Family pedagogy* [In Albanian]. (p. 82). Shkup.

Lacea, R., Cabanilla, A., Jr., Beltran, N., & Cadosales, M. N. (2021). Lived experience of extensionists in community development. *Solid State Technology, 64*(2), 4668–4678.

Lita, Z. (2003). *Teacher education in Albania: Past–present–future*. Open University (United Kingdom).

Lu, A. J., Marcu, G., Ackerman, M. S., & Dillahunt, T. R. (2021, June). Coding bias in the use of behavior management technologies: Uncovering socio-technical consequences of data-driven surveillance in classrooms. In *Designing Interactive Systems Conference* (pp. 508–522).

Macleod, F. (1975). Reading at home: Does it matter what school does? *United Kingdom Reading Association*, 22–26.

Matilov, N. (2002). *Marriage and family* [In Macedonian]. (pp. 194–195). Skopje.

Mojsovsja Koteva, T. (2006). *Family upbringing and the social behavior of children* [In Macedonian]. (p. 118). Skopje.

Morrow, R., Rodriguez, A., & King, N. (2015). Colaizzi’s descriptive phenomenological method. *The Psychologist, 28*(8), 643–644.

Rahim, F. (2013). *Transfer of learning*. https://www.slideshare.net/FydaRahim/transfer-of-learning-29002564

Rodda, S. N., Booth, N., Vacaru, M., Knaebe, B., & Hodgins, D. C. (2018). Behaviour change strategies for internet, pornography and gaming addiction: A taxonomy and content analysis of professional and

consumer websites. *Computers in Human Behavior, 84*, 467–476.

Runcan, P. L., Constantineanu, C., Ielics, B., & Popa, D. (2012). The role of communication in the parent–child interaction. *Procedia – Social and Behavioral Sciences, 46*, 904–908.

Thompson, K. (2015). *Transfer of learning*. https://slideplayer.com/slide/6956621/

Topping, K., & Wolfendale, S. (Eds.). (1985). *Parental involvement in children's reading*. Croom Helm.